
## Banghay – Aralin sa Filipino

**May-Akda: Maira Kyra P. Sapalaran**
**Designation: Teacher III**
**Paaralan: CENTEX Manila**




**I. Layunin**

1. Natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa kuwento
2. Nababanggit ang mga habilin o lambing ni Lolo Ding sa apo
3. Nailalarawan ang tauhan sa kuwento
4. Nasasabi ang kahalagahan nang pagsunod sa mga pangaral ng mga nakatatanda


**II. Paksang-aralin**

1. ***Pamagat:*** "Ang mga Lambing ni Lolo Ding"
2. ***May-akda:*** Michael M. Coroza
3. ***May-guhit***: Maurice Risulmi
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagsunod sa mga habilin ng mga nakatatanda

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**
   Buuin ang puzzle na nagpapakita ng larawan ng isang matandang lalaki.
   **a.** Ano ang unang pumapasok sa isip ninyo kapag pinag-uusapan ang mga lolo?
   c. Ano ang mga paborito ninyong gawin kasama ang inyong lolo?
   d. Anu-ano ang mga pangaral na naibahagi sa inyo ng inyong lolo?

2. **Paghawan ng Balakid**
   Isulat ang mga salitang naiisip sa mga sumusunod:




3. **Pagbasa ng Kuwento**
   Interactive read aloud ang pamamaraan na gagamitin sa pagbasa ng kuwento.

4. **Pagkatapos Bumasa**
   **a. Discussion Guide**
   - Sino sa inyo ang may lolo at lola? Malapit ba kayo sa kanila?
   - Mula sa iyong binasa, masasabi ba ninyong may magandang relasyon si Lolo Ding sa kanyang apo? Bakit?
   - Anu-ano ang mga habilin ni Lolo Ding sa kanyang apo?
   - Dapat ba tayong makinig at sumunod sa mga habilin o pangaral ng ating mga lolo at lola? Bakit?
   - Ano ang kahalagan nang pagsunod sa mga pangaral o habilin ng mga nakatatanda sa atin?
   - Paano mo mailalarawan si Lolo Ding?
   - Paano ninyo maipakikita ang inyong pagpapahalaga sa inyong lolo at lola?

   **b. Pangkatang-Gawain**
   **Pangkat 1 (Drama Center):** Isadula ang mga paglalambing ni Lolo Ding sa kanyang apo.
   **Pangkat 2 (Art Center):** Gumawa ng "thank you card" para kina Lolo at Lola.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**Pangkay 3 (Math Center):** Gumawa ng bar graph na nagpapakita ng mga mag-aaral na may kapiling pang lolo o lola sa bahay, at mga batang wala ng lolo at lola. Ilarawan ang nagawang abr graph.
**Pangkat 4 (Araling Panlipunan Center):** Magtala ng mga bagay na maaaring gawin upang magbigay-pasasalamat sa mga lolo o lola sa lipunan.

**IV. Paglalapat**

Ano ang pinakamahalagang natutunan mo sa iyong lolo o lola?

**V. Pagpapahalaga**

Lagyan ng tsek ( √ ) ang kahon na nagpapakita ng mga habilin ni Lolo Ding sa kanyang apo.

- ☐ taimtim na manalangin pagkagising sa umaga
- ☐ magpasubo sa mga nakatatanda habang kumakain
- ☐ matutunang gumawa sa bahay
- ☐ mag-aral nang mabuti
- ☐ ipaglaban ang nasa isip kahit na ito ay salungat sa saloobin ng nakatatanda
- ☐ huwag makipag-away o mang-aaway

**VI. Takdang-Aralin**

Magtala ng limang habilin ng mga nakatatanda sa iyo.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation